



Panatiliing Nakakahabol ang Inyong Anak sa Middle at High School: Bigyang Pansin ang Pagpasok sa Klase

Kahit na habang lumalaki ang mga bata at nagiging mas malaya, may ginagampanang pangunahing papel ang mga pamilya sa pagtitiyak na ang mga estudyante ay nakakapasok sa paaralan araw-araw at nauunawaan kung bakit napakahalaga ng pagpasok sa klase para sa tagumpay sa pag-aaral at trabaho. Maaari ding magsulong ang mga pamilya ng mga mapagkukunan upang matulungan ang mga estudyante na matuto kung hindi sila makakadalo nang personal.

ALAM BA NINYO?

- Hindi dapat lumiban ang mga estudyante ng mahigit 9 na araw sa klase sa upang manatiling nakikibahagi, matagumpay at nakakahabol para sa pagtatapos.
- Ang mga madalas na pagliban ay maaaring palatandaan na ang estudyante ay nawawalan ng interes sa paaralan, nahihirapan sa gawain sa paaralan, kinakaharap ang isang bully o nahaharap sa ibang kahirapan.
- Sa pagtuntong ng ika-6 na baitang, ang pagliban sa klase ay isa sa tatlong palatandaan na ang estudyante ay maaaring tumigil sa pag-aaral sa high school.
- Sa pagtuntong sa ika-9 na baitang, ang pagpasok sa klase ay mas mabuting palatandaan ng mga antas ng pagtatapos kaysa sa mga marka ng pagsusulit sa ika-8 baitang.
- Sa hindi pagpasok ng 10%, o 2 bawat buwan sa buong taon ng pasukan, ay maaaring makaapekto sa tagumpay ng estudyante sa akademiko.

ANG MAAARI NINYONG GAWIN

Gawing prioridad ang pagpasok sa klase

- Talakayin ang tungkol sa kahalagahan ng pagpasok sa klase araw-araw.
- Tulungan ang inyong anak na mapanatili ang mga pang-araw-araw na karaniwang gawain, gaya ng pagtapos ng takdang aralin at pagtulung nang mahimbing sa gabi.
- Subukang huwag mag-iskedyul ng mga appointment para sa ingipin at mga medikal na appointment tuwing pasukan.
- Suportahan ang inyong mga estudyante kung may napapansin kayong mga palatandaan ng pagkabalisa, at kung kailangan, humingi ng payo mula sa inyong paaralan o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- Kung dapat manatili sa bahay ang inyong anak dahil sila ay may sakit o naka-quarantine, tiyakin na humingi sila sa mga guro ng mga mapagsasanggunian at kagamitan para makahabol sa mga nakaligtaang oras ng pag-aaral sa klase.

Tulungan ang inyong tinedyer na manatiling nakikibahagi

- Alamin kung ang inyong anak ay naeenganyo sa kanilang mga klase, at pakiramdam ay ligtas sa mga bully at iba pang mga banta.
- Tiyakin na hindi nakakaligtaan ng inyong mga anak ang klase dahil sa mga hamon sa pag-uugali o mga patakaran ng paaralan sa pagdidisiplina. Kung problema ang alinman sa mga ito, makipag-ugnay na paaralan at makipagtulungan sa kanila para makahanap ng solusyon.
- Subaybayan ang pag-unlad sa pag-aaral ng inyong anak at humingi ng tulong sa mga guro at tutor kapag kailangan. Tiyakin na alam ng mga guro kung paano makipag-ugnay sa inyo.
- Manatiling nakasubaybay sa mga nakikipag-ugnay sa inyong anak. Ang presyur ng kaibigan ay maaaring mauwi sa hindi pagpasok sa klase, habang ang mga estudyanteng walang masyadong kaibigan ay maaaring maramdamang nag-iisa sila.
- Hikayatin ang inyong anak na sumali sa mga aktibidad pagkatapos ng klase, kabilang ang mga isports at club.
- Suportahan ang inyong mga estudyante kung may napapansin kayong mga palatandaan ng pagkabalisa, at kung kailangan, humingi ng payo mula sa inyong paaralan o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

Makipag-usap sa paaralan

- Alamin ang patakaran ng paaralan pagdating sa pagpasok sa klase – mga insentibo at parusa.
- Tingnan ang pagpasok sa klase ng inyong anak upang matiyak na hindi naiipon ang mga pagliban sa klase.
- Humingi ng tulong sa tauhan ng paaralan, ibang mga magulang, o ahensya ng komunidad kung kailangan ninyo ng suporta.

